REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
Meralco Avenue, Pasig, Metro Manila

OFFICE OF THE SECRETARY

Hulyo 5, 1999

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 285, s. 1999

**PAMBANSANG SEMINAR - WORKSYAP SA FILIPINO**

Sa mga:
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pangulo ng mga Pampamahalaang Kolehiyo at Unibersidad
Tagapamahala/Administrador ng Paaralang Bokasyonal

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports, Rehiyon X, sa pakikipag-ugnayan sa Komisyon ng Wikang Filipino, Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon at Sangay ng Camiguin, ay magdaraos ng isang Pambansang Seminar-Worksyap sa Ika 21-23 ng Setyembre 1999, sa TIA's Beach Resort, Mambajao, Camiguin. Ang paksa ng Seminar-Worksyap ay "Ang Kalagayan ng Filipino sa Taon ng Milenyo."

2. Layunin ng Seminar-Worksyap na ito na:

a. maipalaganap ang iba't-ibang wika sa Mindanao tungo sa pambansang kapatiran;
b. matalakay muli ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335 at kung paano ito lubusang maipapatupad;
c. masuri at mabigyang-puna ang palasak na paggamit ng Taglish ng nakararaming mamamayan;
d. makapagplano ng mga hakbang sa pagpapaunlad ng Filipino para sa darating na milenyo.

3. Inaasahang dadalo sa Seminar-Worksyap na ito ang mga panrehiyon at pansangay sa superbisor, mga puno ng kagawaran sa paaralan, mga guro sa publiko at pribadong paaralan sa elementarya at sekondarya, at tersyarya na nagtuturo ng Filipino at iba pang asignaturang gumagamit ng Filipino bilang midyum.

Maaaring dumalo ang mga nabanggit sa opisyal na oras lamang at may pahintulot ng nakatataas sa kanila.

4. Ang rehistrasyon ng bawat dadalo ay Dalawang Libong Piso (P2,000.00) para sa handouts, sertipiko, bag, field trip, materyales, honoraria ng tagapanayam, facilitator/komite, souvenir item, akomodasyon at pagkain mula sa hapunan ng Setyembre 20 hanggang meryenda sa hapon ng Setyembre 23, 1999, atbp.

5. Para sa reserbasyon at karagdagang impormasyon, sumulat o tumawag lamang sa sumusunod:

Diamar P. Kadon, CESO III
Komisyoner, Komisyon sa Wikang Filipino sa Hilagang Mindanao
Tel. 72-26-52

Gng. Editha T. Pengson o Gng. Angelita C. Catajoy
ESII - Filipino sa Sekondarya at Elementarya
DECS Region X, Cagayan de Oro City
Tel. 72-26-51

6. Kalakip nito ang Talaan ng mga Gawain sa Incl. No. 1

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ANDREW GONZALEZ, FSC
Secretary

Kalakip: Gaya ng nasasaad

Sanggunian: Wala

Pamumudmod: 1--(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
SEMINAR
WORKSHOP

(Inkl. sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 285, s. 1999)

## Pambansang Seminar-Workshop sa Filipino

### Palatuntunan ng mga Gawain
### Setyembre 21-23, 1999

| | Day 0 | Unang Araw | Ikalawang Araw | Ikatlong Araw |
|---|---|---|---|---|
| 6:00-7:00 n.u. | | Almusal | Almusal | Almusal |
| 8:00 n.u. | | RD Diamar P. Kadon, DECS RX<br>Komisyoner sa Fil - RX<br>* Ambag ng mga wika sa Mindanao sa Wikang Filipino | Atty. Lourdes Barcenas<br>Komisyoner sa Filipino - RVII<br>* Ang kalagayan ng Filipino sa Lalawigan ng Cebu. | Field Trip |
| 10:00 n.u. | | Meryenda | Meryenda | Meryenda |
| 10:15 n.u. | | Dr. Angelito Flores<br>Director, PSWK, MSU, RXII<br>* Komunikasyon at Korespon-densya Opisyal | Dr. Nita Buenaobra<br>Punong Komisyoner, KWF<br>* Taglish, tungo sa Syentifikasyon ng Filipino | |
| 12:00 n.t. | | Tanghalian | Tanghalian | Tanghalian |
| 11:00 n.h. | | Dr. Florentino Hornedo<br>Prof. Ateneo de Manila<br>* Ang Wika at ang Paglinang sa Kamalayang Pilipino | Dr. Nilda Sunga,<br>Propesor, LSC-PNU<br>* Ang Sining ng Pagtatanong | |
| 3:00 n.h. | | Meryenda | Meryenda | Meryenda |
| 3:15 n.h.<br>5:00 n.h. | Pagpapalista ng mga kalahok/Pambungad na Palatuntunan Oryentasyon | Bukas na Talakayan/<br>Gawain I | Bukas na Talakayan/<br>Gawain II | Clearing House<br>Pangwakas na Palatuntunan |
| 6:00 - 7:00 n.h. | Hapunan | Hapunan | Hapunan | Hapunan |
| 7:00 n.g. | Palatuntunang Sosyal | | | |